

Modyul 15
Kulturang Asyano
Salita/Pangungusap na Nagpapakilala
ng Paglalagom ng Kaisipan



Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta! Sa pamamagitan ng modyul na iyong hawak ay muli na naman tayong makapagtatalakay ng mga araling kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral na tulad mo. Nasabi kong kapaki-pakinabang sapagkat ang apat na araling ating tatalakayin sa araw na ito ay makatutulong na mapalawak pa ang iyong kasanayan sa pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

Maitanong ko lang, bilang isang kabataang Pilipino, malaki ba ang pagpapahalaga mo sa pag-aaral o edukasyon? sa iyong pamilya? sa relihiyong iyong kinabibilangan? sa pag-aasawa? sa sining? pamahiin at tradisyon ng ating bayan? Masasabing isa kang tunay na Pilipino kung malaki ang pagpapahalaga mo at paniniwala sa mga bagay na nabanggit sapagkat nasasalamatin at nakapaloob sa mga ito ang kultura ng lahing Pilipino.

Katulad ng mga Pilipino, ang iba pang bansang nakapalibot sa atin ay may kanya-kanya ring kulturang pinahahalagahan, ang iba'y may pagkakatulad sa atin at ang iba nama'y may malaking kaibhan. Gayunpaman, kung susuriin natin, halos malaki ang pagkakatulad ng kultura o paraan ng pamumuhay nating mga Pilipino sa mga karatig bansa nating Asyano.

Mababasa mo sa modyul na ito ang ilang bagay-bagay tungkol sa uri at paraan ng pamumuhay, paniniwala at tradisyon ng mga bansang Asyano. Samakatwid, iyo ngayong masasalamatin ang kulturang nangingibabaw sa bansang Asyano at kung paano pinahahalagahan ng mga mamamayan at pamilyang Asyano ang kulturang sinusunod na magiging gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay.



Anu-ano ang matututunan mo?

Inaasahang matatamo mo ang sumusunod na kasanayan sa pag-aaral ng modyul na ito:

1. Napipili ang mga salita /pangungusap na nagpapakilala ng paglalagom
2. Nailalahad ang mga patunay na makaiimpluensya sa pagbubuo ng desisyon
3. Naisasagawa ang iba't ibang paraang ginagamit sa pagpapakahulugan sa salita ayon sa sitwasyong pinaggagamitan
4. Nakabubuo ng tekstong naglalahad na ginagamitan ng salitang hiram



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito sapagkat gagabayan ka nito tungo sa iyong pagkatuto, nakalahad dito ang mga tuntunin upang maging maayos at makabuluhan ang iyong pagbabasa.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan o susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.
2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging “Ano ba ang alam mo?” Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.
3. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot maging matapat ka lamang sa pagwawasto. Huwag kang mag-alala kung mababa ang markang nakuha mo, may inihanda akong mga Gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makakatulong sa iyo.
4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang Pangwakas na Pagsusulit o ang bahaging “Gaano ka na kahusay ?” upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.
6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

Sige, maari ka nang magsimula.



Ano na ba ang alam mo?

A. Panuto: Basahin ang talataan. Piliin at isulat sa sagutang papel ang bilang ng limang (5) pangungusap na nagpapakilala ng paglalagom na matatagpuan sa loob ng bawat talata.

(1) Karamihan sa mga pamilyang Asyano ay monogamous, iisa ang asawa ng ama o ina tulad ng Hapon, Korea at Pilipinas. (2) May pamilyang polygamous, may higit sa isang asawa. (3) Ito ay may dalawang uri – Polygyny at Polyandry. (4) Ang Polygyny ay pinaniniwalaan ng mga Muslim ngunit tinututulan naman ito ng mga Kanluranin. (5) Ang polyandry naman ay umiiral sa Tribo sa Tibet sa kabundukan ng Himalaya. (6) Sa madaling salita, iba-iba ang katangiang taglay ng mga pamilyang Asyano na nahuhubog batay sa pangkat na kinabibilangan nito.

(7) Nukleyar ang pamilya kapag binubuo lamang ng ama, ina at mga anak. (8) Pinalawak naman o extended family kapag ang mga anak kahit may asawa na, mga ninuno, pinsan tiyo at tiya at iba pang kamag-anak ay kabilang sa pamilya. (9) Sa pangkalahatan, ang balangkas ng pamilyang Asyano ay maaring nukleyar o pinalawak.

(10) Ang tagapangulo sa pamilya ay ama o ang pinakamatandang lalaki na gumagawa ng mga pagpapasya para sa tahanan. (11) May mga gawaing nakalaan para sa mga kalalakihan, kababaihan at mga bata na kabilang sa tahanan. (12) Sa madaling salita, ang bawat kasapi ng pamilya ay may bahaging ginagampanan.

(13) Kapansin-pansin sa pamilyang Asyano ang paggalang sa magulang, matatanda o ninuno, mag-asawa, pati ang katayuan ng kababaihan sa pamilya. (14) Sa kabuuan, ang mga tradisyunal na pamilyang Asyano ay maraming paniniwala at kaugalian.

(15) Nakasaad sa mga turo ni Confucious na “tungkulin ng anak na mahal in at igalang ang kanyang mga magulang, tularan ang kanilang mga kilos at gawi at iwasang masaktan ang kanilang damdamin. (16) Ang pagtutol nang mahusay ay maaari ring magawa sa mga magulang. (17) Bilang paglalahat, si

Confucius ay nagpapahalaga sa kapangyarihan ng mga magulang at pagmamahal sa mga ninuno.

B. Panuto: Piliin ang letra ng desisyong maaaring isagawa batay sa sitwasyong mababasa.

Sitwasyon:

Masarap maghanapbuhay sa ibang bansa sapagkat malaki at dolyar ang kikitain ngunit sa dalawang taong kontrata, mawawalay ka sa iyong pamilya at maaaring mag-alala sa kanilang kalagayan.

1. Ano ang iyong gagawin?
 - a. Hihingin ang payo at kagustuhan ng pamilya.
 - b. Iiwan ang pamilya at makikipagsapalaran.
 - c. Mananatiling kapiling ang pamilya kahit naghihirap
 - d. Pag-iisipan munang mabuti ang maaaring kahinatnan ng gagawing desisyon.
2. Ang maaari mong isaalang-alang sa gagawing desisyon ay:
 - a. lakas ng katawan
 - b. katatagan ng kalooban
 - c. kapakanan ng bansa
 - d. kapakanan ng pamilya
3. Sa ganitong sitwasyon, dapat na isaalang-alang ang mabuting:
 - a. payo
 - b. desisyon
 - c. pamahiin
 - d. paniniwala
4. Kung ang iyong desisyon ay mananatili sa bayan kapiling ang pamilya, ang nakaimpluensya sa pagbuo mo ng desisyon ay ang paniniwala sa:
 - a. bigkis ng pamilya
 - b. karanasan ng ibang tao
 - c. kalagayan ng panahon
 - d. mamamayan
5. Kung ang iyong desisyon naman ay iwan na lamang ang pamilya kapalit ng malaking halaga ng salaping kikitain, ang nakaimpluensya sa pagbuo mo ng desisyon ay ang iyong estado o kalagayan sa:
 - a. buhay
 - b. lipunan
 - c. edukasyon
 - d. mamamayan

C. Panuto: Piliin ang letra ng salita na nagbibigay ng angkop na pagpapakahulugan sa salitang sinalungguhitan ayon sa sitwasyong pinaggamitan.

1. Sa kasalukuyang panahon, maraming naglipanang buwaya sa ating bansa. Ang salitang may salungguhit ay ginagamit sa pangungusap bilang:
 - a. hayop na nabibilang sa pamilya ng reptiles
 - b. taong sakim at mapagsamantala
2. Karaniwang bisyo ng mga kalalakihang Pilipino ang pag-inom ng mga nakalalasing na inumin at di alintana kahit sila'y mag-amoy tsiko. Ang salitang sinalungguhitan ay nangangahulugang amoy ng:
 - a. lasing
 - b. prutas

3. Walang humpay ang mga magulang sa pagbibigay ng payo sa mga anak upang sila'y makaiwas sa paggawa ng masamang bagay at mapasok sa loob kung saan naroroon ang mga taong nagkasala sa batas. Sa sitwasyong nabanggit, ang tinutukoy na loob ay bahagi ng:
 - a. bahay
 - b. bilanguan
4. Laganap na sa buong bansa, mga karatig bansang Asyano at maging sa buong mundo ang paggamit ng bato na ipinupuslit ng mga tiwaling sindikato. Ang sinalungguhitang salita ay tumutukoy sa:
 - a. matigas na bagay na kauri ng mga buhangin, semento at adobe
 - b. kemikal na ginagamit ng mga taong nagbibisyo dahilan sa kakaibang epekto nito
5. Ang mga mamamayang Pilipino na naghahanapbuhay sa Japan ay madalas na nagpapadala ng lapad sa kanilang mga mahal sa buhay. Ang sinalungguhitang salita ay nangangahulugang:
 - a. pera ng Hapon
 - b. hugis ng isang bagay

D. Panuto: Isaayos ang mga pangungusap upang makabuo ng isang mabisang talata. Buuin at isulat nang maayos ang talata.

- Extended family o pamilyang pinalawak naman ang tawag kung ang iba pang kamag-anak ay kabilang sa pamilya.
- Ang balangkas ng pamilyang Asyano ay maaaring nukleyar o pinalawak.
- Nagpapakita ito ng sama-samang paninirahan at paggawa ng magkakamag-anak.
- Pamilyang nukleyar ang tawag kapag ito'y binubuo ng ama, ina at mga anak.
- Kung minsan nagdudulot ito ng masayang pagsasamahan ngunit kadalasa'y nagiging sanhi rin ng di-pagkakaunawaan sa pagitan ng kamag-anakang kabilang na rin sa pamilya.

Tingnan mo kung wastong lahat ang iyong mga kasagutan. Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Huwag kang mag-alala kung mataas man o mababa ang markang iyong nakuha. Tutulungan ka ng modyul na ito sa lubusang pagkatuto sa mga araling dapat mong matutunan.

Sige, simulan mo na...



Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub Aralin 1

Salita /Pangungusap na Nagpapakilala ng Paglalagom


Layunin

Napipili ang mga salita /pangungusap na nagpapakilala ng paglalagom

Alamin

Suriin mo ang mga larawan.

Matutukoy mo kaya ang ilan sa mga kulturang Asyanong pinahahalagahan ng mga Pilipino?



Nasuri mo bang mabuti ang larawan?

Ang apat na larawang iyong nakita (matrimonya ng kasal, mahigpit na pagbubuklod ng mag-anak, respeto at paggalang sa matatanda at pagpapahalaga sa edukasyon) ay ilan lamang sa mga kulturang Asyano na pinahahalagahan ng mga Pilipino.

Basahhin mo ngayon ang kaugnay na teksto tungkol dito.

PAMILYANG ASYANO

(1) Karamihan sa mga pamilyang Asyano ay monogamous, iisa ang asawa ng ama o ina tulad ng Hapon, Korea at Pilipinas. (2) May pamilyang polygamous, may higit sa isang asawa. (3) Ito ay may dalawang uri – Polygyny at Polyandry. (4) Ang Polygyny ay pinaniniwalaan ng mga Muslim ngunit tinututulan naman ito ng mga Kanluranin. (5) Ang polyandry naman ay umiiral sa Tribo sa Tibet sa kabundukan ng Himalaya. (6) Sa madaling salita, iba-iba ang katangiang taglay ng mga pamilyang Asyano na nahuhubog batay sa pangkat na kinabibilangan nito.

(7) Nukleyar ang pamilya kapag binubuo lamang ng ama, ina at mga anak. (8) Pinalawak naman o extended family kapag ang mga anak kahit may asawa na, mga ninuno, pinsan tiyo at tiya at iba pang kamag-anak ay kabilang sa pamilya. (9) Sa pangkalahatan, ang balangkas ng pamilyang Asyano ay maaring nukleyar o pinalawak.

(10) Ang tagapangulo sa pamilya ay ama o ang pinakamatandang lalaki na gumagawa ng mga pagpapasya para sa tahanan. (11) May mga gawaing nakalaan para sa mga kalalakhian, kababaihan at mga bata na kabilang sa tahanan. (12) Sa madaling salita, ang bawat kasapi ng pamilya ay may bahaging ginagampanan.

(13) Kapansin-pansin sa pamilyang Asyano ang paggalang sa magulang, matatanda o ninuno, mag-asawa, pati ang katayuan ng kababaihan sa pamilya. (14) Sa kabuuan ang mga tradisyunal na pamilyang Asyano ay maraming paniniwala at kaugalian.

(15) Nakasaad sa mga turo ni Confucious na “tungkulin ng anak na mahal in at igalang ang kanyang mga magulang, tularan ang kanilang mga kilos at gawi at iwasang masaktan ang kanilang damdamin. (16) Ang pagtutol nang mahusay ay maaaring ring magawa sa mga magulang. (17) Bilang paglalahat, si Confucius ay nagpapahalaga sa kapangyarihan ng mga magulang at pagmamahal sa mga ninuno.

Linangin

Naunawaan mo ba ang iyong binasa?

Magaling kung gayon!

Suriin mo naman ngayon ang mga pangungusap bilang 6, 9, 12, 14 at 17.

#6 Sa madaling salita, iba-iba ang katangiang taglay ng mga pamilyang Asyano na nahuhubog batay sa pangkat na kinabibilangan nito.

#9 Sa pangkalahatan, ang balangkas ng pamilyang Asyano ay maaaring nukleyar o pinalawak.

- | | |
|-----|--|
| #12 | Sa madaling salita, ang bawat kasapi ng pamilya ay may bahaging ginagampanan. |
| #14 | Sa kabuuan ang mga tradisyunal na pamilyang Asyano ay maraming paniniwala at kaugalian. |
| #17 | Bilang paglalahat, si Confucius ay nagpapahalaga sa kapangyarihan ng mga magulang at pagmamahal sa mga ninuno. |

Masasabi mo ba kung ano ang ipinapahayag ng mga pangungusap na iyong binasa?

Tama! Ang mga pangungusap na kababasa mo lamang ay nagpapahayag o nagpapakilala ng paglalagom.

Ang isang talata o tekstong binasa ay maaaring ilagom sa isa o dalawang pangungusap upang ipahayag o maibigay ang kabuuang diwa o mensaheng taglay nito.

Balikan natin ang unang talata ng tekstong iyong binasa bilang halimbawa.

<p>Karamihan sa mga pamilyang Asyano ay monogamous, iisa ang asawa ng mga ama o ina tulad ng Hapon, Korea at Pilipinas. (2) May pamilyang polygamous, may higit sa isang asawa. (3) Ito ay may dalawang uri – Polygyny at Polyandry. (4) Ang Polygyny ay pinaniniwalaan ng mga Muslim ngunit tinututulan naman ito ng mga Kanluranin. (5) Ang polyandry naman ay umiiral sa Tribo sa Tibet sa kabundukan ng Himalaya. (6) <u>Sa madaling salita, iba-iba ang katangiang taglay ng mga pamilyang Asyano na nahuhubog batay sa pangkat na kinabibilangan nito.</u></p>
--

Mababasa mula sa una hanggang ikalimang pangungusap ang paliwanag tungkol sa katangian ng pamilyang Asyano.

Sa ikaanim na pangungusap matatagpuan ang paglalagom sa talata kung saan inilahad na ang pamilyang Asyano’y iba-iba ang katangiang taglay batay sa pangkat na kinabibilangan. Kapuna-puna rin sa ikaanim na pangungusap ang paggamit sa pariralang sa madaling salita na siyang naging pananda upang makilala na ang pangungusap ay naglalagom o lumalagom sa kabuuan ng binasa.

Samakatwid, may mga salita /pariralang maaaring gamitin sa loob ng pangungusap upang makilala ang pangungusap na naglalagom o nagbubuod.

Narito ang ilang mga salita /parirala na maaaring gamitin sa paglalagom upang makilala ang pangungusap na naglalagom.

- sa pangkalahatan...
- bilang pangkalahatan...
- bilang paglalagom...
- bilang paglalahat...
- sa kabuuan...
- sa madaling salita...

Naunawaan mo ba ang mga paliwanag na iyong binasa? Marahil ay nakatulong at nakapagbigay-linaw ang mga ito sa iyo.

Ngayong alam mo na kung paano makikilala ang mga salita /pangungusap na naglalagom, maaari mo nang sagutin ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo.

Maaari mo nang simulan.

Gamitin

Panuto: Basahin at unawain ang bawat talata at pagkatapos ay hanapin sa mga pagpipilian ang letra ng mga pangungusap na maaaring maglagom sa bawat talata.

1. Ang pamilyang Pilipino ay may anyong patriyarkal kung saan ama ang ulo ng tahanan na naghahanapbuhay at nagtatanggol sa asawa at mga anak. Siya rin ang nasusunod sa mga bagay na dapat pagdesisyunan. Hinihingi at nakikinig din ang ama sa ilang ideya o mungkahi na ibinabahagi ng ina ngunit kadalasa'y nasa ama pa rin ang huling pagpapasya.
2. Ang ina ang nagsisilbing ilaw ng tahanan ng pamilya. Siya ang gumagabay, nag-aayos at nagyayaman sa bawat miyembro ng pamilya. Naniniwala ang pamilyang Pilipino na ang ina ay dapat na nasa bahay lamang upang pangasiwaan ang mga pangangailangan ng pamilya tulad ay pagluluto ng pagkain, pamamalengke at iba pang gawaing bahay. Ang buong oras ng kanyang maghapon ay dapat na nakatuon lang sa pag-aasikaso ng kanyang pamilya.
3. Magaan man o hirap ang uri ng pamumuhay ng isang pamilya, ang mag-asawa ay pilit na gumagawa ng paraan maigapang lamang ang pag-aaral ng mga anak. Naniniwala ang bawat pamilyang Pilipino na ang edukasyon ang Susi sa kahirapan at ang tangi lamang maipamamana ng mga magulang sa mga anak na hindi maaaring manakaw ninuman.
4. Pinag-aaral ng mga magulang ang mga anak sapagkat umaasa silang kapag nakatapos ay tutulong sa pagpapaaral ng iba pang nakababatang kapatid. Inaasahan din nilang madaling makahahanap at makapapasok ng trabaho kung may tinapos na kurso ang anak. Sa ganitong paraan ay maaaring makatulong

sa pinansyal na pangangailangan ng pamilya ang anak na nakapagtapos ng pag-aaral.

5. Nakaugalian na ng pamilyang Pilipino ang sama-samang pagkain, paglilibang, pamamahinga, pagdarasal, pasisimba at anumang nakasanayan nang gawin nang sama-sama. Kung minsan, hindi muna kakain ang nanay sa oras ng pagkain hanggat hindi pa dumarating ang tatay. Naghihintay ang isa sa kanila bago magsimula ng anumang gagawin. Madarama ang “bonding” na tinatawag sa bawat miyembro ng pamilya kung kaya’t minsan kahit nag-aasawa na ang isang anak ay pilit pa ring hindi humihiwalay sa poder ng mga magulang.

Pagpipilian:

- A. Bilang patunay, pinag-iipunan o pinaglalaanan ng panahon ng mga magulang ang salaping gugugulin sa pag-aaral ng anak na kung minsan ay ipinangungutang pa ng mga ito.
- B. Sa kabuuan, ama ang itinuturing na makapangyarihan sa loob ng pamilya.
- C. Bilang paglalagom, masasabing matibay ang pagkakabuklod ng pamilyang Pilipino.
- D. Sa pangkalahatan, responsibilidad ng ina na mangalaga sa bawat kasapi ng pamilya.
- E. Sa madaling salita. Inaasahan ng mga magulang ang mga anak ay tutulong sa pinansyal na pangangailangan ng pamilya at tatanaw ng utang na loob sa mga darating na panahon at pagkakataon.

Kunin mo ngayon ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Tama bang lahat ng sagot mo?

Magaling kung tama lahat ngunit kung may kaunting kamalian ay huwag mag-alala sapagkat makatutulong pa sa iyong lubusang pagkaunawa ang mga kasunod na paliwanag na iyong babasahin.

Lagumin

Narito ang ilang puntong dapat mong tandaan.

- Ang paglalagom ay isang paraan ng pagpapaikli ng anumang babasahin o teksto.

- Ang paglalagom ay kinakailangang payak, tuwiran at mahahalagang impormasyon lamang ang taglay upang madaling maunawaan.
- Maaaring lagumin ang isang kuwento, ulat, balita, sanaysay at iba pang babasahin.
- Pinaiikli lamang ang babasahin o teksto ngunit ang diwang tinataglay ay nararapat pa ring manatiling naroroon.
- Ang pangungusap na naglalagom ay maaaring makilala sa pamamagitan ng paggamit ng mga salita /pariralang nagpapakilala ng paglalagom gaya ng: bilang pangkalahatan; sa kabuuan; bilang paglalagom; bilang patunay, sa madaling salita , bilang paglalahat at iba pang kauri nito.

Nawa’y nakatulong sa iyong lubusang pagkaunawa ang mga paliwanag na katatapos mo lamang basahin.

Maari mo na ngayong umpisahan ang pagsagot sa mga pagsubok na aking inihanda.

Subukin

Panuto: Piliin sa loob ng bawat talata ang letra ng pangungusap na nagpapakita ng paglalagom.

1. (A) Isa sa makulay at masayang pagdiriwang ang pagdaraos ng pista bilang parangal sa patron ng pamayanan. (B) Bukas ang bawat tahanan. (C) Kilala man o hindi ay pinatutuloy at pinakakain. (D) Bilang paglalahat, masasabing ang mga Pilipino’y marunong makiisa’t may mabuting pagkikitungo sa kanilang kapwa.
2. (E) Isang malaking karangalan para sa isang pamilya ang sila’y bisitahin ng mga kamag-anakan, kaibigan o dayuhan, (F) Tinitiyak nilang masisiyahan ang kanilang panauhin sa mga oras o araw na ilalagi nila sa kanilang tahanan. (G) Naghahanda sila ng espesyal na mga pagkain at may pabaon pa silang ibinibigay sa oras at araw na pag-alis ng mga panauhin. (H) Sa kabuuan, ang mga Pilipino ay kilalang-kilala sa kanilang pagiging magiliw at mainit sa paraan ng pagtanggap sa mga panauhin.
3. (I) Moderno man ang panahon, marami pa ring nagsasagawa ng okasyon sa kani-kanilang tahanan. (J) Dito nagkakatipun-tipon ang buong mag-anak. (K) Pinatitibay ng sama-samang pagdarasal ang kanilang pag-ibig sa isa’t isa. (L) Napapawi ang anumang pagdaramdam sa puso ng bawat isa sa ganitong pagkakataon kaya naman lalong nagiging malapit sa isa’t isa ang buong pamilya. (M) Bilang paglalagom, ang pagtitipun-tipon ng mag-anak anumang

pagdiriwang o okasyon ang nagaganap ay nagpapatunay na may mahigpit na pagkakabuklod ang pamilyang Pilipino.

4. (N) Taglay ng Pilipinas ang mga kultura't tradisyong hinahangaan sa buong mundo. (Ñ) Sadya naman itong isinasagawa ng bawat Pilipino upang di kumupas at patuloy pang lumaganap sa paglipas ng panahon. (NG) Sa pangkalahatan, ang mga Pilipino'y lubhang mapagmahal sa kulturang kanilang kinagisnan.
5. (O) Patuloy ang kabihasan sa pagtuklas at paglinang ng angking kakayahan upang maipakitang kaya nilang lumikha ng sariling pagkakakilanlan. (P) Na kaya nilang tumbasan kundi man malagpasan, ang naabot na ng mga kalalakihan sa iba't ibang larangan gaya ng paglilingkod, palakasan, pulitika at marami pang iba. (Q) Na hindi sila mahina gaya ng ipinahahayag ng iba sapagkat mayroon din silang katangiang magagamit sa pag-ukit ng sariling pangalan sa lipunan. (R) Sa madaling salita, nais patunayan ng mga kababaihan na kaya na nilang makipagsabayan sa mga kalalakihan anuman ang katayuan at kalagayan nila sa buhay at sa lipunang ginagalawan.

Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang iyong mga kasagutan.

Kumusta ang iyong iskor? Kung mahigit sa 4 ang nakuha mong marka ay maari ka nang magsimula sa kasunod na aralin. Ngunit kung mababa sa 4, nangangailangang sagutin mo muna ang kasunod na gawain, ang bahaging "Paunlarin" kaugnay pa rin ito sa katatapos lang na gawain.

Sige, magpatuloy ka...

Paunlarin

Panuto: Hanapin sa katatapos na talataang iyong binasa na matatagpuan sa bahaging SUBUKIN ang limang (5) mga salita /pariralang ginamit sa loob ng mga pangungusap na nagpapakilala ng paglalagom at isulat sa sagutang papel.

1. talata 1 _____
2. talata 2 _____
3. talata 3 _____
4. talata 4 _____
5. talata 5 _____

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Maaari ka na ngayong magsimula sa kasunod na aralin.

Sub Aralin 2

Paglalahad ng mga Patunay na Makaiimpluwensya sa Pagbubuo ng Desisyon

Layunin

Nailalahad ang mga patunay na makaiimpluwensya sa pagbubuo ng desisyon

Alamin

Narito ang isang liham mula sa isang mag-aaral na kagaya mo. Basahin mo sana itong mabuti at unawain.

Mahal kong kaibigan,

Masaya akong nag-aaral dito sa Maynila kapiling ang mga bagong kaibigan, kamag-aral at mga guro. Madalas ko kayong naaalala diyan sa probinsya.

Nakatanggap ako ng liham mula kina Itay at Inay, ayon sa kanila, pinag-iisipan daw nilang ibenta ang aming maliit na lupang sakahan upang may maipantustos at maipagpatuloy ang aking pag-aaral dito sa Maynila. Natutuwa ako sapagkat ipinadarama nila sa akin na gagawin nilang lahat na posibleng paraan makapagtapos lamang ako ng pag-aaral. Nangako naman ako sa kanila at sa aking sarili na hindi ko sila bibiguin kung kaya't puspusan din talaga ang ginagawa kong pag-aaral.

Gusto ko sanang sabihin kina Itay at Inay na huwag nang ibenta ang lupang sakahan dahil ito lamang ang tanging maaasahan naming pamilya na mapagkukunan ng pangangailangan sa araw-araw. Iniisip ko rin kasi kung saan pa sila kukuha ng ikabubuhay kapag iyo'y naipagbili.

Pinag-iisipang ko ngang mabuti kung hihinto na lamang ako ng pag-aaral at uuwi na lamang diyan sa probinsya o kaya nama'y magwworking student ako dito sa Maynila huwag lamang maibenta ang aming lupang sakahan. Ang mga bagay na ito ang madalas na gumugulo sa aking isipan sa kasalukuyan.

Ikumusta mo na lamang ako sa ating mga kaibigan at huwag mo muna sanang mabanggit kina Itay at Inay ang aking plano. Kailangan ko munang pag-iisipang mabuti ang aking mga gagawing hakbang.

Hanggang sa muli...

Ang iyong kaibigan

Naunawaan mo ba ang liham na iyong binasa?

Masasabi mo ba sa akin kung ano ang gumugulo sa kanyang kaisipan sa kasalukuyan? Ano ito?

Tama! Iniisip niya kung magpapatuloy pa siya ng pag-aaral o magwovorking student na lamang sa Maynila dahil hindi siya sang-ayon na ibenta ang kanilang lupang sakahan na siya lamang pinagkukuhanan ng pinansyal na pangangailangan ng kanilang pamilya.

Sa sitwasyong ito, nahaharap ang sumulat sa isang suliranin at kailangang magdesisyon nang tama.

Ikaw, naharap ka na rin ba sa isang suliranin na kinakailangang pagdesisyunang mabuti?

Atin ngayong pag-aaralan sa kasunod na bahagi ng modyul na ito ang mga bagay na makaiimpluwensya sa pagbuo ng desisyon.

Linangin

Sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, madalas na tayo'y naiipit sa mga sitwasyong kinakailangan ang pagbubuo ng tama at maayos na desisyon.

May mga magagaan na sitwasyon tayong pinagdedesisyunan tulad ng pamimili kung anong putahe ang ulam na lulutuin sa agahan, tanghalian at hapunan tungo sa higit na masalimuot at kumplikadong sitwasyon kung ano ang uunahing bayaran, tubig ba, kuryente, telepono o matrikula ng anak sa natitirang isanlibong piso sa budget pa sa isang buong linggo ng pamilya.

Talaga namang kinakailangang matutong mapag-aralan ng bawat isa kung paano nga ba tayo makabubuo ng wasto at maayos na desisyon.

Narito ang ilang mga salik na makaiimpluwensya sa pagbuo ng desisyon.

Tayong mga Pilipino ay mabilis maimpluwensyahan ng mga tao at bagay-bagay na nakapaligid sa atin kung tayo'y bumubuo ng desisyon.

Halimbawa, bago tayo makabuo ng desisyon, kadalasang hinihingi muna natin ang payo ng mga kaibigan, kapatid, magulang at mga taong nakatatanda sa atin na sa palagay nati'y makapagbibigay ng magandang payo. Sa ganitong paraan, ang anumang desisyon na maaaring mabuo sa suliraning dala-dala ay maaaring dahil sa impluwensya ng isa o lahat ng mga nilapitan at hiningian ng payo. Samakatwid, isa sa maaaring nakaimpluwensya sa pagbuo ng desisyon

ay ang *payo ng mga taong nakapaligid* – kaibigan, kapamilya, kamag-aral, guro, alagad ng Diyos at mga taong malapit at pinagkakatiwalaan.

Tandaan na ang paghingi ng payo ay hindi nangangahulugan ng pagsunod. Piliin ang mga payong makabubuti at makatutulong sa paglutas sa suliranin o pagbuo ng desisyon.

Maaari rin namang pagbatayan sa pagbuo ng desisyon ang mga aral na napulot batay sa mga *sariling karanasang pinagdaanan* sa buhay o ang mga *karanasan ng ibang tao* na maaaring nasaksihan, nabasa sa pahayagan at iba pang babasahin, narinig na kwento ng mga kaibigan o ibang tao at mga napanood na istorya sa telebisyon at sinehan.

Kung minsan, ibinabatay din ng isang tao ang kanyang gagawing desisyon batay sa kanyang *kultura, tradisyon at kinalimutang paniniwala*.

Isinasaalang-alang din sa pagbuo ng desisyon ang *sariling kakayahan*. Halimbawa, sa pag-aaplay ng mapapasukang trabaho, nararapat sa isaalang-alang kung kaya ba ng katawan at isipan ang papasukang trabaho. Kung mahina ang katawan at di kaya ang mabibigat na gawain, hindi kinakailangang mag-aplay o tumanggap ng mabigat na trabaho gaya ng masonry.

Sa paghahanap pa rin ng mapapasukang trabaho, isinasaalang-alang din ang *natapos na kurso o edukasyon*. Hindi maaaring makabuo ng desisyong makapagtrabaho sa opisina ng isang malaking kumpanya at mag-aplay bilang manedyer kung elementarya lamang ang natapos na kurso.

Naunawaan mo ba ang mga paliwanag na iyong binasa?

Ngayong may ideya ka na kung ano ang mga maaaring makaimpluwensya sa pagbubuo ng desisyong gagawin, balikan mo ngayon ang liham na iyong binasa sa bahaging Alamin at sagutin ang mga kaugnay na katanungang iyong mababasa sa kasunod na bahagi ng modyul.

Maaari ka nang magsimula.

Gamitin

Panuto: Piliin ang letra ng mga salita /pahayag na nagpapakita ng mabuting paraan ng pagdedesisyon sakali mang ikaw ang nasa kalagayan ng taong sumulat.

1. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng sumulat ng liham, sasang-ayon ka ba sa iyong ama't ina na ibenta ang maliit na lupang sakahan na tanging pinagkukunan ng pang-araw-araw na gastusin ng inyong pamilya.
 - a. Oo
 - b. Hindi
 - c. Maari
 - d. Marahil
2. Sakaling nakiusap ka sa iyong mga magulang na huwag nang ibenta ang lupang sakahan kapalit ng iyong pag-aaral, masasabing ikaw ay anak na nagmamalasakit sa iyong:
 - a. pag-aaral
 - b. magulang
 - c. kinabukasan
 - d. pamilya
3. Alin sa mga sumusunod ang babalakin mong gawin upang hindi maibenta ang lupang sakahan?
 - a. hihinto ng pag-aaral at tutulong na lamang sa bukid
 - b. mag wovorking student at kakayanin pa ring makapagtapos ng pag-aaral
 - c. babalik ng probinsya at magseself-study na lamang
 - d. mag-aaplay ng scholarship o makikiusap na maging student-aid sa paaralang pinapasukan
4. Nais mong magworking student upang may maipantustos sa iyong pag-aaral at hindi na maibenta ang lupang sakahan. Ano ang iyong gagawin?
 - a. magdedesisyong mag-isa
 - b. ililihim sa magulang ang plano
 - c. ipaaalam sa magulang ang balak
 - d. sosorpresahin na lamang ang mga magulang
5. Sa mga ganitong uri ng sitwasyon, ang nararapat na gawing desisyon ay:
 - a. magsawalang-kibo
 - b. manalig sa Diyos
 - c. gumawa nang maayos na pagpaplano
 - d. sundin na lamang ang payo ng ibang tao

Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Kung tamang lahat ang sagot mo, magaling! Kung may mga mali ka naman ay makatutulong sa iyo ang mga paliwanag sa kasunod na bahagi ng modyul.

Sige, magpatuloy ka...

Lagumin

Natapos mo nang mapag-aralan ang mga patunay na makaiimpluwensya sa pagbubuo ng anumang desisyon. Balikan mo ngayon ang ilang mahahalagang impormasyong dapat mong tandaan.

- Dumarating ang mga pagkakataon sa buhay, naisin man o hindi na mahaharap sa mga sitwasyong nangangailangan ang pagbubuo nang wasto at maayos na pagdedesisyon.
- Maraming salik ang maaaring isaalang-alang na makaiimpluwensya sa pagbuo ng desisyon ng isang indibidwal. Ang ilan sa mga ito ay:
 - ang kinamulang kultura, tradisyon at paniniwala
 - payo ng mga taong nakapaligid gaya ng mga kaibigan, kapamilya, nakatatanda at mga alagad ng Diyos
 - sitwasyon o kalagayan ng panahon
 - katahimikan o kaayusan ng kapaligiran, lokasyon o tirahan
 - sariling karanasan o karanasan ng ibang tao
 - pananaw sa buhay
 - natapos na kurso, pinag-aralan o edukasyon
 - katayuan, kalagayan o estado sa buhay
 - antas ng pamumuhay sa lipunan
 - pisikal at panloob na katangiang taglay
 - edad o gulang
 - kasarian
 - kakayahan

Ngayong maliwanag na sa iyo ang lahat, subukin mong sagutin ang kasunod na gawain.

Subukin

Panuto: Piliin ang mga letra ng pahayag na maaaring maging desisyon sa sitwasyong mababasa.

Sitwasyon: Isa ka sa naatasang mamahagi ng relief goods sa mga nasalanta ng bagyo na ayon sa bulung-bulungan, delikado raw ang magpunta sa lokasyon na kinalalagyan ng mga biktima.

1. Ang unang-una mong gagawin ay:
 - a. sasama pa rin at lalakasan na lamang ang loob
 - b. magpapaalam sa magulang kung papayagan ka o hindi
 - c. hindi na lamang sasama dahil delikado ang lokasyon
 - d. maghahanap na lamang na maaaring humalili sa iyo

2. Sakaling hindi ka pinayagan ng iyong mga magulang, nararapat kang _____ sa kanila.

a. sumunod	c. magpasalamat
b. sumuway	d. sumoporta

3. Kapag ikaw ay humingi ng payo sa iyong magulang at isinangguni ang tungkol sa sitwasyong ito, ipinakikita mo na ika'y may _____ sa kanila.

a. takot	c. respeto
b. halaga	d. simpatiya

4. Ang paghingi ng payo at pagsangguni sa matatanda ay ugali ng isang batang magalang. Ang pahayag na ito'y isang:

a. kasabihan	c. pamahiin
b. katotohanan	d. agarang kongklusyon

5. Upang makaiwas sa panganib, maaaring hilingin sa mga kasamang:
 - a. huwag nang ituloy ang pagbibigay
 - b. sa iba na lamang ipamigay ang mga donasyon
 - c. ibang tao na lamang ang utusang magdala ng mga donasyon
 - d. yung mga nasalanta na lamang ang papuntahin sa isang lugar na malapit din sa kanilang lokasyon kung saan gaganapin ang bigayan ng desisyon

Iwasto mong muli ang iyong mga kasagutan. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Kumusta ang iyong iskor? Kung apat pataas ang nakuha mong marka ay maaari ka nang magsimula sa kasunod na Aralin ngunit kung mababa sa apat, nangangailangang sagutin mo muna ang kasunod na gawain, ang bahaging "Paunlarin". Kaugnay pa rin ito sa katatapos lang na gawain.

Sige, magpatuloy ka!

Paunlarin

Panuto: Paliin ang maaaring salik na nakaiimpluensiya sa nabuong desisyon. Isulat ang letra ng napiling kasagutan mula sa mga pagpipilian.

1. Ayaw niyang magdesisyong mag-isa para sa kanyang sarili sapagkat naniniwala siyang nararapat pa ring sumangguni lalo pa't isa siyang tin-edyer.
2. Hindi niya tinanggap ang alok na makapagtrabaho sa Amerika dahil sa mapapalayo siya sa mga mahal sa buhay at hindi niya ito kakayanin.
3. Pinag-iisipang mabuti ng dalaga kung ano ang gagawin dahil ayaw niyang matulad sa nangyari sa kaibigan na nagsisi sa bandang huli dahil sa maling desisyong nagawa.

4. Hindi na lang siya tutuloy magbiyahe at sumakay sa barko pauwing Mindoro sapagkat binalita sa radyo na malakas ang bagyo.
5. Minsan nang nasaktan ang kanyang damdamin dahil sa maling desisyong nagawa kung kaya't hindi na niya hahayaang mangyari itong muli.

Pagpipilian:

- A. Kalagayan ng panahon
- B. Karanasan ng ibang tao
- C. Payo ng taong nakapaligid
- D. Sariling karanasan
- E. Sariling kakayahan

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at itsek mo ang iyong mga kasagutan.

Maaari ka na ngayong magtungo sa kasunod na aralin.

Sub Aralin 3

Pagpapakahulugan ng Salita Ayon sa Sitwasyong Pinaggagamitan

Layunin


Naisasagawa ang iba't ibang paraang ginagamit sa pagpapakahulugan sa salita ayon sa sitwasyong pinaggagamitan

Alamin

Suriin mo ang mga sumusunod na larawan at subukin mong hanapin sa loob ng kahon na nasa kabilang pahina ang mga salitang maaaring iugnay sa mga ito.







magulo	madaya	taksil
matinik	salaula	gahaman
traydor	marumi	sakim
mataba	matinik	timawa

Madali mo bang naiugnay ang mga salita sa loob ng kahon sa mga larawan ng hayop?

Magaling kung gayon!

Anu-ano ang mga salitang naiugnay mo sa buwaya?

Tama! Madaya, sakim at gahaman ang mga salitang dapat na naiugnay mo dito.

Anu-ano namang salita ang naiugnay mo sa ahas?

Tama kang muli! Taksil at traydor ang mga salitang dapat na naiugnay mo dito.

Tingnan ko nga kung tama rin ang mga salitang naiugnay mo sa larawan ng baboy.

Magaling kung naiugnay mo rito ang mga salitang marumi, magulo at salaula.

May kaugnayan sa araling ating tatalakayin sa mga sandaling ito ang mga pinag-ugnay na larawan at mga salita.

Sige, magpatuloy ka...

Linangin

Ipinagmamalaki ng Wikang Filipino ang malawak at mayaman nitong bokabularyo. Maraming nalilikha at nabubuong salita mula sa isang salita lamang.

Isa lamang sa maraming paraan ng pagpapalawak ng isang simpleng salita ay ang pagpapakahulugan ayon sa sitwasyong pinaggagamitan.

Balikan natin ang salitang buwaya. Maraming maaaring ibigay na kahulugan sa salitang nabanggit depende kung paano ito ginagamit sa pangungusap.

Suriin ang dalawang pangungusap kung saan ginamit ang salitang buwaya.

- Inaalagaang mabuti ang mga buwaya sa Manila Zoo.
- Maraming buwayang naglipana sa ating lipunan.

Sa unang pangungusap, ang tinutukoy na buwaya ay isang uri ng hayop at ito ang *tahas o literal na kahulugan* ng salitang buwaya. Samantalang sa ikalawang pangungusap, ang tinutukoy na buwaya ay taong sakim, mapagsamantala at gahaman sa salapi at kapangyarihan at ito naman ang *matalinhagang kahulugan* ng salitang buwaya.

Samakatwid, dalawang magkaibang kahulugan ang naibigay sa salitang buwaya sa dalawang sitwasyong pinaggamitan.

Ganito rin ang kaugnay na paliwanag sa salitang ahas na maaaring bigyan ng kahulugang hayop na nanunuklaw, (tahas o literal na kahulugan) at ang isa pa'y maaaring kahulugan ng taong may ugaling taksil. (matalinhagang kahulugan)

Naunawaan mo ba ang paliwanag?

Ngayong alam mo nang may iba't ibang paraang maaaring magamit sa pagpapakahulugan ng salita ayon sa sitwasyong pinagmumulan, iyo naman ngayong sagutin ang kaugnay na gawaing inihanda ko.

Sige magpatuloy ka!

Gamitin

Panuto: Piliin ang letra ng pahayag na nagbibigay ng angkop na pagpapakahulugan sa salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit sa pangungusap.

1. Maraming plastik sa mundo kaya't di dapat agad-agad na magtitiwala.
 - a. sisidlan na yari sa materyal na plastik
 - b. taong may mapagkunwaring pag-uugali
2. Mapait na karanasan ang sinapit ng ina sa pagtatrabaho sa ibang bansa.
 - a. isang uri ng panlasa o lasa ng pagkain
 - b. kabiguan at paghihirap na dinanas sa buhay
3. Ubod ng hangin ang taong nakausap ko kanina.
 - a. mayroong mayabang na pag-uugali
 - b. nararamdamang dumadampi sa balat ngunit hindi nakikita.
4. Napakaganda ng panahon kapag kulay bughaw ang langit.
 - a. bahagi ng mundo na natatakpan ng ulap
 - b. pakiramdam ng taong walang problema
5. Tadtad ng barya ang binti ng dalaga.
 - a. uri ng pera na yari sa tanso
 - b. markang naiwan sa balat matapos maghilom ng sugat

Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Kung tamang lahat ang sagot mo, magaling! Kung may mga mali ka, makatutulong sa iyo ang mga susunod na gawain.

Sige, magpatuloy ka!

Lagumin

Balikan mo ang ilang mahahalagang detalyeng dapat mong tandaan.

- Iba't ibang paraan ang maaring gamitin upang mabigyang-kahulugan ang isang salita.
- Maaaring maibigay o makuha ang kahulugan ng isang salita ayon sa sitwasyong pinaggagamitan nito:
 - a. Pagbibigay ng tahas o literal na kahulugan ng salita
Paggamit ng salita sa loob ng pangungusap kung saan, ang ibig iparating na kahulugan ng salita ay ang tunay na kahulugan nito na maaaring matagpuan sa diksyunaryo.
Halimbawa:
Kailangan ni ate ang puting kalapati sa kanyang kasal.(ibon)
 - b. Pagbibigay ng matalinghagang kahulugan ng salita
Paggamit sa pangungusap ng mga salitang may matalinhagang kahulugan o may natatagong ibang kahulugan.
Halimbawa:
Isa siyang kalapati sa gabi. (babaeng mababa ang lipad)

Marahil nakatulong ang kababasa mo lamang na paliwanag tungo sa lubusan mong pagkatuto sa araling ito ng iyong modyul.

Subukin mo ngayong sagutin ang kasunod na gawain.

Subukin

Panuto: Hanapin sa loob ng kahon ang letra ng pahayag na nagbibigay-kahulugan sa salitang sinalungguhitan.

1. Higit na maganda ang hitsura ng babaeng hindi naglalagay ng pintura sa mukha.
2. Gamitin mo ang puting pintura sa pader.
3. Masyadong madugo ang sugat ng kanyang noo.
4. Madugo ang mga katanungan sa pagsusulit.

5. Palaging hasain ang kutsilyo upang tumalim.
6. Maaaring hasain ang isipan sa pamamagitan ng pagbabasa.
7. Lumabas ang gitara sa katawan ng lalaki
8. Masarap umawit kung sinasaliwan ng gitara.
9. Nangangamoy usok ng inihaw na isda sa bakuran.
10. Iwasang gumawa ng usok.

- A. pagyamanin/patalinuhin
- B. instrumento sa musika
- C. balita /usap-usapan o tsismis
- D. ipinapahid na kolorote o make-up
- E. lumalabas at sumasama sa hangin kapag may apoy
- F. mahirap
- G. likidong ipinapahid sa mga kahoy o semento
- H. mga buto sa tagiliran
- I. pagpapatalim sa anumang bagay na panghiwa
- J. likidong dumadaloy sa ugat

Iwasto mong muli ang iyong mga kasagutan. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Kumusta ang iyong iskor? Kung 7 pataas ang iyong nakuha, maaari ka nang dumako sa kasunod na aralin ngunit kung 6 pababa, kailangan mo munang sagutan ang kasunod na gawain.

Maaari mo nang simulan...

Paunlarin

Panuto: Balikan ang pangungusap 1-10 sa katatapos lang na gawain na matatagpuan sa bahaging Subukin. Isulat ang letrang A kung ang salitang sinalungguhitan ay nagtataglay ng tahas/literal na kahulugan at B kung nagtataglay ng matalinghagang kahulugan.

- | | |
|----------|-----------|
| 1. _____ | 6. _____ |
| 2. _____ | 7. _____ |
| 3. _____ | 8. _____ |
| 4. _____ | 9. _____ |
| 5. _____ | 10. _____ |

Upang malaman mo ang iskor ng iyong huling gawain, kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.

Maaari ka na ngayong magsimula sa kasunod na gawain.

Sub Aralin 4

Pagbubuo ng Tekstong Naglalahad na Ginagamitan ng mga Hiram na Salita


Layunin

Nakabubuo ng tekstong naglalahad na ginagamitan ng mga salitang hiram

Alamin

Subukin mong sagutin ang crossword puzzle na inihanda ko para sa iyo.

Punan mo ng angkop na letra ang loob ng mga kahong bakante upang mabuo ang hinihinging salita.



Pahalang:


1. tagapagbalita o tagapag-ulat

Pababa:

1. makinaryang ginagamit kung nais maparami ang orihinal na kopya
2. kulay ng kahoy
3. gamit na panulat

Madali mo bang nasagutan ang puzzle?

Tingnan mo kung wasto ang iyong mga kasagutan.



Tama bang lahat ng sagot mo?

Magaling kung gayon!

Ang apat na salitang iyong nabuo mula sa sinagutang puzzle ay may malaking kaugnayan sa araling iyong matututunan sa bahaging ito ng modyul.

Sige, magpatuloy ka...

Linangin

Balikan mo ang apat na salitang nasa loob ng crossword puzzle – *xerox*, *brown*, *pen*, *reporter*. Ang mga salitang ito ay hindi katutubo sa ating wika ngunit maririnig nating ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.

Alam mo ba kung ano ang tawag sa mga salitang ito?

Salitang hiram ang tawag sa mga ito.

Marami tayong ginagamit na mga salita mula sa ibang wika na tanggap na ng ating lipunan.

Katulad nga ng nabasa mo sa Aralin 3, “Ang Wikang Filipino ay malawak at mayaman sa bokabolaryo”. Totoo iyan, katunayan, sa tagal ng pananakop ng mga kastila sa ating bayan ay natuto tayo ng ilang wikang kastila tulad ng liquido, señora, querida, calle, uno, dos, tres at marami pang iba. Sa pagdating ng Amerikano, naging inglesero ang ilan sa atin at patuloy na ginagamit magpahanggang ngayon ang karamihan sa kanilang mga salita, nariyan ang French fries, cake, hamburger, hotdog, computer at marami pang iba.

Marahil naitanong mo na sa sarili mo kung bakit ba tayo nanghihiram ng mga salita.

Bakit nga ba tayo nanghihiram gayong may sarili naman tayong wika?

Basahin mo ang mga sumusunod na paliwanag.

Ayon kina Austero at Al, (Filipino sa iba’t ibang Disiplina), tayo ay nanghihiram ng mga salita sa ibang wika sa sumusunod na kadahilanan.

1. Wala tayong pantawag sa mga bagay, kaisipan, karunungan hindi sa atin nagmula gaya ng computer, internet, modem, keyboard, software atbp.

2. Wala tayong katutubong panumbas o katumbas na salita para sa salitang hiniram tulad ng proton, neutron, spaghetti, golf, karate atbp.
3. Mapalawak ang ating talasalitaan
Patuloy tayo sa panghihiram upang maragdagan ang ating bokabolaryo.
4. Upang hindi tayo mahiwalay sa mga pagbabagong nagaganap sa mundo.

Kabilang tayo sa isang global na komunidad kung kaya't ang mga pagbabago at kalakarang nagaganap sa mundo ay kailangan nating masagap. Binibigyan ng pangalan o katawagan ang maraming bagay na naiimbento at nalilikha ng tao.

5. Upang magamit natin ang mga salitang hiram sa pakikipagtalastasan; pasulat man o pasalita.
6. May mga salitang teknikal, siyentifiko at pantangi na hiniram natin sa iba at ginagamit natin tulad ng Coke, Zoo, cellphone, text message, digital, networking atbp.

Naunawaan mo ba ang paliwanag na iyong binasa? Ngayon, maliwanag na sa iyo marahil kung bakit tayo nanghihiram ng salita.

Alam mo bang nagkakaroon ng malaking suliranin sa panghihiram lalo na sa Ingles? Apektado kasi ang ortograpiya o pagbabaybay ng mga salitang ito. Dahilan dito, nagsagawa ng pangkalahatang tuntunin sa panghihiram ang Komisyon sa Wikang Filipino na inilathala noong 2001.

Basahin mo at unawaing ang mga Tuntunin sa Panghihiram na makikita sa kasunod na pahina.

Mga Tuntunin sa Panghihiram

1. Sundin ang mga sumusunod na lapit sa paghahanap ng panumbas sa mga hiram na salita:

a. Gamitin ang kasalukuyang leksikon ng Pilipino bilang panumbas sa mga salitang banyaga.

Halimbawa:

<i>Hiram na salita</i>	<i>Filipino</i>
attitude	saloobin
rule	tuntunin
west	kanluran

b. Kumuha ng mga salita mula sa iba't ibang katutubong wika ng bansa.

Halimbawa:

<i>Hiram na salita</i>	<i>Katutubong Wika</i>
imagery	haraya (Tagalog)
husband	bana (Hiligaynon)
Muslim priest	imam (Tausug)

c. Bigkasin sa orihinal na anyo ang hiniram na salita mula sa Kastila, Ingles at iba pang wikang banyaga, at saka baybayin sa Filipino.

Halimbawa:

<i>Kastila</i>	<i>Filipino</i>
cheque	tseke
liquido	likido
qilates	kilatis

<i>Ingles</i>	<i>Filipino</i>
commercial	komersyal
economics	ekonomiks
radical	radikal

<i>Iba pang wika</i>	<i>Filipino</i>
coup d'etat (French)	kudeta
kimono (Japanese)	kimono
Glasnost (Russian)	glasnost

Malinaw ang mga lapit na panghihiram, gayon pa man, sa pagpili ng salitang gagamitin, isaalang-alang din ang mga sumusunod: (1) kaangkupan ng salita, (2) katiyakan sa kahulugan ng salita, at (3) prestihiyo ng salita.

2. Gamitin ang mga letrang C, Ñ, Q, X, F, J, V, Z, kapag ang salita ay hiniram nang buo ayon sa sumusunod na kundisyon:

a. *Pantanging ngalan*

Halimbawa:

Tao

Jose Rizal

Manuel Quezon

Ferdinand Velasco

Lugar

Valenzuela City

California

Venice

Gusali

Shangrila Plaza

State Condominium

Pangyayari

La Niña

Death March

Battle of Mactan

Sasakyan

Qantas Airlines

Doña Monserat

RRCG travel tours

b. *Salitang teknikal o siyentifiko*

Halimbawa:

x-ray

zoom

jewels

cortex

enzyme

quartz

c. *Salitang may natatanging kahulugang cultural*

Halimbawa:

cañao (Ifugao) “pagdiriwang”

señora (Kastila) “ale”

hadji (Maranao) “lalaking muslim na nakapunta sa Mecca”

d. *Salitang may regular na ispelang o gumagamit ng dalawang letra o higit pa na hindi binibigkas o ang mga letra ay hindi katumbas ng tunog.*

Halimbawa:

bouquet

rendezvous

plateau

champagne

monsieur

laizze faire

e. *Salitang may internasyonal na anyong kinikilala at ginagamit.*

Halimbawa:

taxi exit fax

3. Gamitin ang mga letrang F, J, V, Z, para katawanin ang mga tunog /f/, /j/, /v/, /z/ kapag binaybay sa Filipino ang mga salitang hiram.

Halimbawa:

fixer	→	fikser
subject	→	sabjek
zipper	→	ziper

4. Gamitin ang mga letrang C, Ñ, Q, X sa mga salitang hiniram ng buo.

Halimbawa:

cell	reflex
cornie	requiem
cataluna	xenophobia

2001 Revisyon ng Alpabeto
at Patnubay sa Ispeling ng
Wikang Filipino

Marami-rami na rin ang mga paliwanag na iyong nabasa tungkol sa panghihiram ng salita sa ibang wika.

Tingnan mo naman ngayon kung lubusan mo itong naunawaan sa pamamagitan ng pagsagot sa gawaing inihanda ko.

Sige, simulan mo na...

Gamitin

Gawain 1

Panuto: Ibigay ang katumbas na salita sa Filipino ng sumusunod na salitang sinalungguhitan sa loob ng pangungusap.

1. Ipinagbabawal ang pagdadala ng camera kung wala namang kaugnayan sa lesson.
2. Kailangan nilang maghigpit dahil ipatatawag sila sa office kapag may mag mag-aaral na nakalusot.
3. Ang mga University sa kalakhang Maynila ay nagpapatupad ng bagong alituntunin.
4. Dahilan dito, naging mahigpit ang mga guard.
5. Napagkaisahan ng mga director na maging mahigpit sa mga mag-aaral.

Gawain 2

Panuto: Isaayos ang mga pangungusap sa Gawain 1 ayon sa wastong pagkakasunod-sunod upang makabuo ng talatang naglalahad. Bigyang-pansin ang mga salitang iwinasto.

(1) _____
_____. (2) _____
_____. (3) _____
_____.
(4) _____
_____. (5) _____
_____.
_____.

Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Tama bang lahat ang sagot mo?

Magaling kung tamang lahat ngunit huwag kang mag-alala kung may kaunti kang kamalian.

Basahin mo ang kasunod na paliwanag. Makadaragdag ito sa lubusan mong pagkatuto sa aralin.

Lagumin

Narito ang ilang mahahalagang impormasyon na dapat mong tandaan:

- Salitang hiram ang tawag sa mga salitang hindi katutubo sa ating wika.
- Ang panghihiram ng salita ay isang paraan ng pagpapalawak ng talasalitaan.
- Maaaring sundin ang mga sumusunod na paraan sa paghahanap ng panumbas sa hiram na salita sa wikang Ingles.
- Maaaring hiram ang ganap ang mga salitang banyaga o hiram na ang pagbasa at pagbabaybay ay pareho sa Filipino tulad ng reporter, editor, memorandum at mga kauri nito.
- Maaaring hiram ang salitang banyaga o hiram na naiba ang ispeling sa bigkas ayon sa simulating kung ano ang bigkas siyang sulat at kung ano ang sulat ay siyang basa tulad ng control at kontrol, meeting at miting at mga kauri nito.
- Maaaring hayaan na muna sa orihinal na anyo o panatilihin ang ispeling ng mga hiram na salita na kapag binaybay sa alfabetong Filipino ay mahirap malakas ang orihinal na anyo ng ispeling tulad ng sausage, sandwich at mga kauri nito.
- Maaaring hiram nang walang pagbabago ang mga salitang pang-agram at teknikal tulad ng x-ray, calcium at mga kauri nito.
- Hiniram nang walang pagbabago ang mga simbulong pang-agram tulad ng Fe, Au at mga kauri nito.

Ngayong natapos mong basahin ang mga karagdagang paliwanag, iyo namang sagutin ang mga gawain kaugnay nito.

Subukin

Gawain 1

Panuto: Buuin ang talatang naglalahad sa pamamagitan ng pagpupuno ng mga pahayag na matatagpuan sa dakong ibaba. Isulat na muli ang talata.

Kasabay ng pag-unlad ng wika ang pag-unlad ng teknolohiya sa buong mundo. (1) _____

_____.

Sa kasalukuyang panahon, napadadali na ang pagtatrabaho sa mga opisina at iba't ibang establishments. (2) _____

_____ Maging ang mga ginang ng tahanan ay nasisiyahan sa mga makabagong kagamitang naimbento tulad ng refrigerator, washing machines, coffee maker, oven at iba pang di-koryenteng kagamitan.

(3) _____

_____. Napakamahal ng mga bayarin sa elektrisidad, tubig, telepono at pati na rin ang mga bilingin. (4) _____

_____ na di naman kontrolado ng mga negosyante. (5) _____

_____.

- Sa kabila ng tinatawag na modernization, patuloy naman ang paghihirap ng pamumuhay ng mga pamilyang Pilipino.
- Nagsulputan na ang iba't ibang kagamitan tulad ng computer, cellphone, eye pod at mga makabagong appliances.
- Samakatwid, mayroon din palang di-mabuting epekto ang pagkakaroon ng makabagong teknolohiya.
- Ito'y dulot ng di-makontrol na presyo mula sa world market.
- Natatapos sa takdang oras ang reports ng sinumang manager, secretary o clerk

Gawain 2

Panuto: Piliin ang sampung (10) salitang hiram na ginamit sa talatang nabuo.

- | | |
|----------|-----------|
| 1. _____ | 6. _____ |
| 2. _____ | 7. _____ |
| 3. _____ | 8. _____ |
| 4. _____ | 9. _____ |
| 5. _____ | 10. _____ |

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Kumusta ang nakuha mong marka? Kung 10 pataas, maaari ka nang magsimula sa kasunod na gawain "Gaano ka na kahusay?", ngunit kung mababa sa 10, kailangan mo munang sagutin ang bahaging "Paunlarin". Kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay naman ito sa katatapos lang na gawain.

Maaari mo nang simulan...

Paunlarin

Panuto: Hanapin ang apat (4) na magkakaugnay na kaisipan at pagsama-samahin ang mga ito upang makabuo ng isang talatang naglalahad gamit ang mga hiram na salita. Huwag isasama ang kaisipang walang kaugnayan.

- Kahit hirap sa buhay, masaya pa ring nagsasama-sama ang pamilyang Pilipino.
- Masaya ang pakiramdam ng magulang kapag dumating na ang araw ng pagtatapos.

- Malaki ang pagpapahalaga ng pamilyang Pilipino sa edukasyong ng mga anak kung kaya't ipinapasok ang mga ito sa magagandang paaralan mula elementarya hanggang college.
- Ngunit ang ibang kabataa'y walang hilig sa pag-aaral.
- Pinaghahandaan ng mga magulang ang pag-aaral ng mga anak kahit ano pang course ang gustong pag-aralan.
- Walang mapaglagyan ng kaligayahan ng mga ito higit lalo't valedictorian o salutatorian ang karangalang nakamit ng kanilang anak.

(1) _____ _____, (2) _____ _____ (3) _____ _____ (4) _____ _____
--

Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

Sagutin mo ngayon ang kasunod na pagsubok. Ang mga katanungan dito ay may kaugnay sa apat (4) na araling ating tinalakay.

Maaari ka nang magsimula.



Gaano ka na kahusay?

A. Panuto: Suriin ang sumusunod na pangungusap at pagkatapos ay lagyan ng tsek (/) kung nagpapakilala ng paglalagom at ekis (x) kung hindi.

1. Pinatutunayan lamang nitong ang mga Pilipino'y lubhang mapagmahal sa kulturang kanilang kinagisnan.
2. Sa katunayan, ang mga Pilipino ay laging handang magbigay ng tulong sa abot ng kanilang makakaya maging ito'y pinansyal man o moral.
3. Talagang malayo na ang narating ng mga kababaihang Pilipino.

4. Malaki at mataas ang respetong ibinibigay ng mga kabataang Pilino sa mga nakatatanda sa kanila.
5. Sa kabuuan, maraming kaugaliang Pilipino ang ating maipagmamalaki sa buong mundo na itinuturing nating isang yaman ng lahang Pilipino.

B. Panuto: Basahin ang sitwasyon at pagkatapos ay piliin ang letra ng pahayag na maaaring gawing desisyon.

Sitwasyon:

Lumaki ka sa isang lugar kung saan pinaniniwalaang ang hanapbuhay ng ama at ina ang dapat din siyang maging hanapbuhay ng mga anak na lalaki at babae kapag hindi kayang mabigyan ng sapat na edukasyon ang mga anak. Sinusunod nila ang tradisyong pagsasalin sa hanapbuhay ng mga magulang sa mga anak bilang paggalang sa kulturang kinikilala at kinamulatan.

Labandera ang hanapbuhay ng iyong ina at taga-igib naman ng tubig ang iyong ama. Kitang-kita mo at damang-dama ang hirap na dinaranas ng buong Pamilya.

1. Sa ganitong sitwasyon ano ang iyong gagawin?
 - a. susunod sa kulturang kinamulatan
 - b. lilihis sa kulturang pinaniniwalaan
 - c. hindi susunod sa yapak ng hanapbuhay ng magulang
 - d. pag-iisipang mabuti ang magiging resulta ng pagsunod at di pagsunod sa kulturang nabanggit
2. Ang maaaring gawin upang makaiwas sa ganitong sitwasyon:

a. magtrabaho	c. magsikap
b. mag-aral	d. maglingkod
3. Hindi ka naman kayang pag-aralin ng mga magulang mo sapagkat labandera lang at taga-igib ng tubig ang mga ito. Ano ang maaari mong gawin upang makapag-aral?
 - a. mag-enrol sa pampublikong paaralan
 - b. mamamasukan sa isang kakilala kapalit ng libreng pag-aaral
 - c. magtitinda ng mga gulay sa bakasyon, mag-iipon at magtitipid upang makaipon ng salaping pang-aral
 - d. mag-iisip ng mga posibleng solusyon at pagkatapos ay hihingin ang kanilang payo
4. Maaaring sumama ang loob ng mga magulang mo kapag di ka sumunod sa yapak ng kanilang hanapbuhay. Ang gagawin mo ay:

- a. kakausapin sila't magpapaliwanag
- b. pipilitin silang pumayag sa iyong kagustuhan
- c. magagalit sa kanila kapag di pumayag
- d. di na lamang sila papansinin

5. Sakaling di sila makinig sa iyong mga paliwanag, ang susunod mong gagawin ay:

- a. sumunod na lang sa kanila
- b. mananahimik at magrebelde
- c. gagawa pa rin ng paraan ng mapaniwala sila sa iyong mungkahi
- d. iiwan ang pamilya at magpapakalayu-layo na lamang sa lugar na kinalakihan at maghahanap ng kapalaran sa ibang lugar

C. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng kahulugang taglay ng mga salitang sinalungguhan sa bawat bilang at pagkatapos ay tukuyin kung tahas/literal o matalinghaga ang mga salitang ito.

- 1. Ilagay mo sa plastik na sisidlan ang mga bote.
- 2. Mapait ang pagkakaaluto sa ampalaya.
- 3. Masarap sa balat ang dampi ng hangin sa tabing-dagat.
- 4. Langit ang pakiramdam sa piling ng taong minamahal.
- 5. Barya lang dapat ang ipambayad sa mga sasakyan.

- A. pakiramdam ng taong masaya
- B. nararamdamang dumadampi sa balat ngunit di nakikita
- C. isang uri ng sisidlan
- D. pera na yari sa tanso/metal
- E. lasa ng pagkain

D. Panuto: Buuin ang talata sa pamamagitan ng pagpupuno ng mga salitang hiram na matatagpuan sa loob ng kahon.

Ang mga Pilipino ay may malaking pagpapahalaga sa kalusugan ng pamilya. Nagpupunta sila agad sa _____ para sa _____ kung may di magandang nararamdaman sa katawan.

Kadalasa'y pagkalat ng _____ sa katawan ang nagiging dahilan ng ilang karamdaman na nagiging sanhi pa ng pagkakahawa-hawa ng sakit sa loob ng tahanan.

Kapag hindi nakukuha sa simpleng gamot ang karamdaman binibigyan ng _____ ang pasyente na kailangan ang _____ at iba pang

_____. Nariyan din ang pagrereseta ng _____, na di-basta-basta ang halaga.

Naniniwala ang pamilyang Pilipino sa kasabihang “Ang Kalusugan ay Kayamanan” kung kaya’t iniingatan, inaalagaan at pinahahalagahan ang kalusugan ng bawat miyembro ng pamilya.

x-ray	check-up
virus	request form
doctor	medical examination
antibiotic	

Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang itsek ang iyong huling gawain.

Nawa’y muling nagbigay sa iyo ng karagdagang kaalaman ang apat na araling ating tinalakay.

Hanggang sa muli!!!